Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints

Volume 19 | Number 2 Article 5

3-31-1971

# Deogracias A. Rosario, Ama ng Maikling Kathang Tagalog

Genoveva Edroza Matute

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/phstudies

Recommended Citation
Matute, Genoveva Edroza (1971) "Deogracias A. Rosario, Ama ng Maikling Kathang Tagalog," *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*: Vol. 19: No. 2, Article 5.
DOI: https://doi.org/10.13185/2244-1638.2084
Available at: https://archium.ateneo.edu/phstudies/vol19/iss2/5

This Article is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints by an authorized editor of Archīum Ateneo.

philippine studies

Ateneo de Manila University • Loyola Heights, Quezon City • 1108 Philippines

**Deogracias A. Rosario, Ama ng Maikling Kathang Tagalog**

Genoveva Edroza Matute

*Philippine Studies* vol. 19, no. 2 (1971): 341–372

Copyright © Ateneo de Manila University

Philippine Studies is published by the Ateneo de Manila University. Contents may not be copied or sent via email or other means to multiple sites and posted to a listserv without the copyright holder's written permission. Users may download and print articles for individual, noncommercial use only. However, unless prior permission has been obtained, you may not download an entire issue of a journal, or download multiple copies of articles.

Please contact the publisher for any further use of this work at philstudies@admu.edu.ph.

http://www.philippinestudies.net
Fri June 30 13:30:20 2008

# Deogracias A. Rosario, Ama ng Maikling Kathang Tagalog

GENOVEVA EDROZA MATUTE

### Panimula at Saligan

ANG sining ay higit na higit kaysa mga pabgigigay-kahulugan dito, kaysa mga manunuri at kritiko. Ang pinakamahusay mang kritiko ay hindi lubusang nakatatarok ni nakadarakip sa kabuuan ng mga katuturan at kahalagahan ng likhang-sining na kanyang sinusuri. Kahit ang pinakamaingat na manunuri ay nahihirapang makaigpaw, huwag nang sabihing makatakas, sa panahong lumikha sa kanya. Sa liwanag ng ganitong katotohanan, ang munting pag-aaral na ito tungkol sa isang manlilikha, kay Deogracias A. Rosario, at sa kanyang mga akdang tuluyan — maiikling katha o kuwento, ilang nobela at sanaysay — ay hindi magtatangkang lubusang makatarok at makadakip sa kabuuan ng kanyang sining, manapa'y magtatangka lamang tumuklas sa mga katangian ng kanyang mga katha, sa panahon at mga impluwensiyang humubog sa kanya, sa kanyang mga kaisipan at damdamin, at sa mga impluwensiya naman niya sa sumunod na panahon, panahong marahil ay naging kasangkapan siya sa paglikha — sa kabuuan ng lahat nang ito — na marahil ay ilang dahilan upang siya'y tagurian at hangga ngayo'y tinatagurian pang "Ama ng Maikling Kathang Tagalog."

Ang kasalukuyang panitikan ng ating mga kabataan — ang panitikang nasasangkot at nagsasangkot — ay bahagi lamang ng panitikang mapangwasak, salamin ng lantarang pag-

hihimagsik at pakikipamook sa makapangyarihan at mapanikil na galamay ng kanilang namulatang pugita o oktopus. Ito ay reaksiyon sa salinlahing sinundan, sa "alone generation" na ayon kay Tocqueville ay pinamayanihan ng taong lulong na lulong sa isang napakaliit na bagay — sa kanyang sarili, gayon din, sa pagbibigay-matuwid sa lahat ng kabalintunaan, sa pagtanggap nang may-pagkaunawa gaano man kalisya ang katauhan o pangyayari sa isang akda. Ito ang pinakataluktok ng panahong nilikha ng Samahang "Panitikan" nina Abadilla, del Mundo, Agoncillo, at iba pa, reaksiyon sa sinundang panahon ng romantisismo na pinakabuntot naman ng panahon ng hayagang pangangaral ng mga manunulat sa kanilang mga mambabasa.

Sa panahon ng romantisismo nabibilang si DAR, na karaniwang tawag kay Deogracias A. Rosario; samakatuwid, siya ay napagitan or transisyon sa panahon ng mga manunulat na hayagang nagpalitaw ng kani-kanilang moraleha sa kanilang mga akda at sa panahon ng "sakdalista't aristokratang Samahan ng Panitikan" na lantarang naghimagsik sa mga paksa at pamamaraan ng matatanda. Ayon sa ulat ng Lupon ng Maikling Kuwento na binuo nina Antonio B. L. Rosales, Teotimo S. Buhain at ng kasalukuyang nag-uulat:

> . . . nang bago sumapit ang panahon ng mga 'ginto' ni Clodualdo del Mundo (sa pitak niyang 'Tao sa Parolang Ginto') at ng mga 'bughaw' ni Alejandro G. Abadilla (sa pitak niyang 'Talaang Bughaw') ay may masasabi nang mga tunay na maikling kuwento sa panitikang Tagalog. Ang karaniwan nang kinikilalang 'Ama' ng maikling kuwentong Tagalog, ang nasirang Deogracias A. Rosario, ay nagsimulang manganay sa sangay na ito ng panitikang Tagalog. . . masasabi pa ring may nanguna kay Deogracias A. Rosario nguni't ang maikling kuwentong lumitaw. . . ay kawangis lamang ng mga halamang-gubat na sumibol at sukat nang di naman itinanim, di inaruga, di namamalayan kung paano at kung bakit umusbong at ni di nababatid ng mga maykatha kung anong uri ang sumibol na halaman.[1]

At sa pagtatapat na rin ni Clodualdo del Mundo, si DAR ang "unang nagpasigla sa amin sa pagsulat ng panunuring pampanitikan."[2]

---

[1] *Mabuhay Extra,* Setyembre 25, 1940.

[2] Clodualdo del Mundo, *Mula sa Parolang Ginto* (Maynila: Liwayway Publishing Inc., 1969), d. 5.

Sa ibang pangungusap, sa tulong ng mga pangunahin niyang maiikling katha, masasabing si DAR ang unang naghulagpos sa mahigpit na tanikalang kanyang kinamulatan upang manguna sa pagbabagong-lakad ng kung tawagin ngayo'y maikling kathang may sadyang tatak at kaanyuan.

Kung paanong sina Alphonse Daudet at Guy de Maupassant ang nagbigay-anyo sa maikling katha sa Pransya noong ika-19 na dantaon, sina Ivan Turgenev at Leo Tolstoy sa Rusya, sina Robert Louis Stevenson at Rudyard Kipling sa Inglatera, sina Washington Irving, Nathaniel Hawthorne at lalo pa nga si Edgar Allan Poe sa Estados Unidos, masasabing dito sa ating bayan, ang pinagkakautangan ng pagbibigay ng tiyak na anyo sa maikling katha bilang sangay ng panitikan ay si Deogracias A. Rosario.

Ang maikling kathang Pilipino ay nagsimula sa mga dagli nina Lope K. Santos at ng kanyang mga kapanahon, na nalathala sa pahayagang *Muling Pagsilang*, at pagkatapos ay sa *Democracia*, *Ang Mithi*, at *Taliba*, mga dagling hayagang nangaral o kaya'y tumuligsa, gaya ng mga sumusunod na sa mga pamagat lamang ay malalaman na agad kung anu-ano ang pinaksa: "Sumpain ang mga Ngiping Ginto," "Yumuyuco ang Capalaluan," at "Ang Sugal"; gayon din, ng mga "pasingaw" — mga pagpapahayag ng pag-ibig ng mga manunulat sa kani-kanilang maraming nilalangit — sa *Kaliwanagan* at sa *Ang Kapatid ng Bayan*, ang una'y pinamatnugutan ni Lope K. Santos at ang ikalawa'y ni Pascual Poblete. Mga 1920 na nang ang banghay ay pumasok sa maikling kathang Pilipino, sa "Bunga ng Kasalanan" ni Cirio H. Pangabiban, kathang tinaguriang "kuento ng taon" sa tulong ng balota ng mga mambabasa. Sumunod sa kanya at namayani sa larangan sina Amado V. Hernandez at Deogracias A. Rosario, mga bunga ng Samahang "Aklatang Bayan" at "Ilaw at Panitik" at ng *Liwayway;* gayon din sina Jose Esperanza Cruz, Arsenio R. Afan, Teofilo Sauco at Teodoro Virrey. Sila ang pumalit sa mga naunang nangaral; ang kanila namang mga akda'y natigib ng sentimentalismo, mabubulaklak na pahayag, karalitaang walang-hanggan, bigong pag-ibig, kapighatiang naglulupasay. Sila ang namayani simula sa ika-20

dantaon hanggang bago itatag ang Samahang "Panitikan" noong 1932.

### Mga Unang Akda ni DAR

Si Gng. Lydia Rosario Jones, isa sa tatlong anak na nabubuhay pa nina DAR at ng maybahay na si Redencion Roxas ng Maynila, ang nagmagandang-loob na nagpahiram sa amin ng ilang akda ni DAR. Ayon kay Gng. Jones, ang kanyang ama ay nagsimulang sumulat sa gulang ng 13 taon (isinilang sa Tundo, Maynila, Oktubre 17, 1894). Ang isa sa mga unang akda na nasa katipunan ni Gng. Jones ay ang kuwentong "Dahil sa Pag-ibig" na nalathala sa *Photo News*. Matapat sa kanyang pangalan, ang magasing ito ay binuo ng halos panay na larawan; malaking bahagi, sa Inggles, at kaunti sa Tagalog. Ang isang kapansin-pansing bagay sa magasing ito ay ang pangyayaring walang bilang ang mga dahon nito. At ito'y hanggang sa huling labas ng *Photo News* nang ito'y gawing *Liwayway* noong Nobyembre 18, 1922.

Ang kuwentong "Dahil sa Pag-ibig" ay tungkol sa pagbabalik ng mang-aawit na si Nena mula sa Konserbatoryo sa Boston, upang malaman lamang na may-asawa na si Rodil, ang dati niyang katipang biyolinista. Ang paghimok ng huli sa una na ipagpatuloy ang kanilang pag-iibigan ay mahigpit na tinanggihan ng babae, hanggang sa magwakas sa kamatayan nila kapuwa. Sa kabila ng karaniwang paksa, karaniwang pamamaraan, kinamihasnang sentimentalismo, pagbibigay-halaga sa panlabas sa halip ng panloob na karangalan, naging maluwag ang pananagalog sa kuwentong ito. Naririto ang isang bahagi:

> Ang huling pagsamo niya kay Nena'y pinakatutultutulan nito. Sinabi ni Nenang siya'y umiibig pa hangga ngayon, subali't natatakot siya sa mapanuring mata ng tao. Iyan ang dahilan, kaya't isinasamo niya kay Rodil na ang asawa na lamang nito ang kaniyang mahalin.
>
> Ngunit ano man ang gawin ni Rodil ay hindi nalamuyot si Nena.[3]

Kapanabay ng kuwentong ito sa *Photo News* ang salin sa Tagalog ng sinulat ni Kapitan Roald Amundsen, na pinamagatang "Mapangahas na pagtawid sa polo norte ng isang sasak-

[3] *Photo News*, Vol. I, No. 8, Sept. 30, 1922.

yang babagtas sa yelo." Sa "Sports" naman ay ganito ang balita: "Si P. (Pancho) Villa ay hindi malayong maging Kampeong Flyweight sa Daigdig," na sinundan ng, "Natamo niya ang kampeonato ng flyweight sa Amerika sa pamamagitan ng maningning na pagpapasuko kay Johnny Buff." Iyan ay ilan sa mga romantikong pakikipagsapalarang kapanabay ng romantiko ring kuwentong "Dahil sa Pag-ibig" ni DAR.

Sa kasunod na labas ng *Photo News* ay nalathala ang kuwentong "Ang Dalawang Larawan"[4] ni DAR, na binaha-bahagi niya sa mga bilang I hanggang VI. Ang malungkot na romansang ito ay tungkol sa isang pintor, kay Mario, na gumamit ng modelo ng kagandahan, ang naging kasintahan niya pagkatapos na si Beatriz; matapos ang sampung taong paghihiwalay dahil sa tampuhan na kinapalooban ng kasawian ng babae sa kamay ng isang lalaking nag-ampon, nangailangan ang pintor ng modelo ng kapangitan. Ito'y natagpuan din niya kay Beatriz na ngayo'y pulubi na. Nakilala niya ito sapagka't kamukhang-kamukha ng larawan ng kagandahang pinatatanda ng kanyang pinsel taun-taon. Nang panahong yaon, pambihira pa ang pananagisag sa panitikan kaya't maaaring hindi namalayan ni DAR na sa kuwento niyang "Ang Dalawang Larawan" ay naipaloob niya ang isang mapanagisag na katotohanan: ang pagsasama sa bawa't tao ng mga binhi ng kagandahan at kapangitan, ng kabutihan at kasamaan.

Kung ang *Photo News* ay naglaman ng halos panay na larawan at lumabas sa Inggles at kaunting Tagalog, ang *Liwayway* na pumalit dito ay panay nang Tagalog; kakaunti na lamang ang mga larawan sapagkat pinamayanihan ng mga kuwento, mga akdang hango o salin, mga balita, atb. Sa linggu-hang *Liwayway* ay binigyan ng lalong pagpapahalaga ang kuwento sa tulong ng mga gantimpala sa mga manunulat. "Ang mga Deogracias A. Rosario, Cirio H. Panganiban, Amado V. Hernandez, Arsenio R. Afan, Alberto S. Cruz, Rafael Olay, at iba pa, ay lumikha ng sariling daigdig sa sining na ngayon lamang bahagyang nauunawan. Mayayamang guniguni, na kung minsa'y lumalayo o napapalihis sa katunayan ng buhay

[4] *Photo News,* Vol. I, No. 9, Oct. 15, 1922.

...liwanag ng buwan...dalawang pusong nagtatalik sa masalimisim na gabi ng mga gabi...paralumang mapupungay ang mga matang tulad ng takipsilim...binatang kilalang manlalaro sa Unibersidad ng Pamahalaan...maikling kuwento ay pinigang nobela...nangaral nang hayagan..."[5]

Sa kauna-unahang labas ng lingguhang *Liwayway* noong Nobyembre 18, 1922 ay nalathala ang isang akda ni DAR na hinango niya sa "isang kasaysayang Amerikano" at pinamagatan niyang "Ang Anak ng Kaniyang Asawa". Bukod dito, ang iba pang mga salin, hango o halaw ni DAR ay: "Mga Anino ng Kahapon"[6] (hango); "Ang Puso ng Geisha"[7] (salin) — ito ay iba kaysa sarili niyang akdang *Ang Geisha*[8] (nobela); "Ang Mapaghimagsik"[9] (salin) — unang sinulat sa Pranses; at "Hanggang Kamatayan,"[10] halaw sa "Madame Butterfly". Sa mga nasabing salin, hango o halaw ni DAR ay lumutang ang maluwag niyang pananagalog, ang malinaw at di-mapag-aalinlanganang kaisipang ipinahayag niya sa isang paraang payak at walang pagtatangkang manggulat o mag-iwan ng impresyong siya'y nag-isip sa wikang banyaga ng akdang isinalin, hinango o hinalaw. Di-katulad ng ilan sa mga sumunod sa kanya na nagsalin ng gaya nito: "hinugasan ng baha ang isang tulay" (*the tide washed a bridge away*); "hindi mapag-abot ng nanay ko ang dalawang dulo" (*my mother cannot make both ends meet*); "isang gatang na bigas" (*a ganta of rice.*) O ng ating panahon — maraming hango o salin sa kasalukuyang panahon na halos hindi maunawaan hanggang hindi iniisip sa pinagmulang Inggles. Mga halimbawa: "natutulog ang paa ko" — iyon pala'y namimitig; "siya'y isang mabuting mason" — iyon pala'y kantero; "saan mo ginasta ang iyong kabataan" — mula sa "*where did you spend your youth*"; "tatanggalin ko ang isang pinggan sa mesa" (bakit, nakapako ba ang pinggan sa mesa?).

---

[5] Teodoro A. Agoncillo, *Ang Maikling Kuwentong Tagalog* (1886-1948), (Maynila: Inang Wika Publishing Co., 1949), d. xv.

[6] *Liwayway,* Disyembre 2, 1922.

[7] *Liwayway,* Mayo 19, 1923.

[8] Limbagang ni I. R. Morales, Marso 24, 1923.

[9] *Liwayway,* Hunyo 16, 1923.

[10] *Liwayway,* Pebrero 27-Mayo 15, 1925.

### Ilang Katangiang Kapansin-pansin

Mapapansin sa maraming akda ni DAR ang paggamit niya ng mga pangunahing tauhang alagad ng sining, bohemyo o kaya'y mga nakatataas sa lipunan: pintor, eskultor, piyanista, mang-aawit, manunulat, mamamahayag. Sa "Dahil sa Pag-ibig,"[11] biyolinista at mang-aawit; sa "Ang Dalawang Larawan,"[12] pintor; sa "Ang Tagumpay ng Pag-ibig,"[13] eskultor; sa sa "Ang Manika ni Takeo,"[14] manggagawa ng mga manika; sa "Pag-ibig na Walang Maliw,"[15] manunulat; sa "Kung Ipaghiganti ang Puso,"[16] mang-aawit; sa "Ang Sirang Manika,"[17] *clubman;* sa "Dilim ng Palad,"[18] manananggol; sa "Ang Anak ng Buwan,"[19] manggagamot; sa nobelang *Ang Geisha,*[20] manggagamot; sa nobelang *Bulaklak ng Bagong Panahon,*[21] propesor; sa nobelang *Sa Landas ng Pag-ibig,*[22] makata; sa nobelang *Anak Ko...,*[23] manggagamot. Ang mga naturang akda, katulad ng kanilang mga kapanabay, ay malinaw na umiwas sa paggamit ng mga tauhang galing sa masa, sa mga sikil, sa "mga yagit at layak" ng lipunan, at walang pag-aalinlangang umiwas din sa mga paksang kakatawan sa mga suliranin nila. Sa ibang pangungusap, bago dumating sa larangan ang kanyang "Walang Panginoon,"[24] masasabing ang nakararami sa mga akda ni DAR ay hindi nasasangkot at hindi rin nagsasangkot.

Sa kabila nito, may isang bagay na dapat pag-ukulan ng pansin: paulit-ulit sa kanyang mga akda ang mga tauhang

---

[11] *Photo News.* Vol. I, No. 8, Sept. 30, 1922.
[12] *Photo News,* Vol. I, No. 9, Oct. 15, 1922.
[13] *Liwayway,* Nobyembre 25, 1922.
[14] *Sampagita,* Pebrero 3, 1932.
[15] *Liwayway,* Marso 7, 1924.
[16] *Liwayway,* Marso 21, 1924.
[17] *Liwayway,* Hunio 12, 1924.
[18] *Liwayway,* Nobyembre, 18, 1932.
[19] *Sampagita,* Pebrero 21, 1933.
[20] Limbagang ni I. R. Morales, *op cit.*
[21] Limbagang Juan Fajardo, 1926.
[22] *Liwayway,* Mayo 3, 1929-Hulyo 19, 1929.
[23] *Liwayway,* Agosto 7, 1931-Setyembre 11, 1931.
[24] A. G. Abadilla, F. B. Sebastian at A. D. G. Mariano, *Ang Maikling Kathang Tagalog* (Manila: Committee on the National Language, Textbook Preparation, 1954), dd. 84-103.

nanggaling sa ibang bansa na kakaiba sa karaniwang nangingibang-bansa ngayon. Ang mga tauhan ni DAR, pagbabalik sa sariling bayan ay lalo pang nagiging makawika at makabayan. Sa "Ang Tagumpay ng Pag-ibig," ani DAR tungkol sa pangunahing tauhang eskultor:

> Dito pa lamang ay isang sugat na sa puso ni Mario ang nabuksan, bakit ang isa pa'y walang tigil habang daan si Fuentes at si Lydia sa paguusap sa wikang Inggles. Wala nang nakababagot kay Mario na di paris ng makarinig ng mga kababayan niyang gayong batid naman niyang marunong magsalita ng tagalog ay pinipilit na pilipitin ang dila sa pagsasalita ng wikang hiram.[25]

Kasabay ng kuwentong ito ang isang balita sa pitak na "Alingawngaw ng Isang Linggo":

> Ang 'Ilaw at Panitik' — samahan ng mga Manunulat sa Wikang Tagalog, — ay nagpatibay ng dalawang kapasiyahan: ang una'y kumakatig at bumabati sa mga kagawad ng Lehislaturang nagpanukala at kasangayon sa balak na maging wikang pangbansa ang Wikang Tagalog at ang ikalawa'y sa Hunta Munisipal ng Maynila na nagkaisang gamitin ang Wikang Tagalog sa kanilang mga pagtatalo.[26]

Sa nobela niyang *Bulaklak ng Bagong Panahon*,[27] ipinakilala si DAR bilang "manunulat sa *Taliba*" at "pangulo ng 'Ilaw at Panitik' "; ito'y may Paunang Salita ni Cirio H. Panganiban at Panghuling Salita ni Carlos P. Romulo; 10,000 sipi sa unang pagkalimbag. Ito'y isang nobelang ala-*picaresque* na pumaksa sa *flaperismo* ng kabataan noon. Tungkol sa kababanggit na mga tauhan ni DAR na nagiging makawika at makabayan pagkapanggaling sa ibang bansa, aniya tungkol kay Ofelia nang ipakilala sa dalaga si Propesor Augusto Roxas:

> Anong laki ng pagkabigo ng kanyang pag-asa nang ipakilala sa kanya ay nagsalita ng tagalog ang nasabing galing sa Amerika at nang makiusap sa kanya upang makipagsayaw ay sa pamamagitan ng wika na para kay Ofelia ay ginagamit lamang niya kung kinakausap na ang mga utusan sa kanyang bahay.[28]

Naniniwala siyang (si Augusto Roxas) ang isang pilipino'y dapat mag-aral ng wikang dayuhan upang tuklasin lamang ang kabutihan ng

---

[25] *Liwayway*, Nobyembre 25, 1922.
[26] *Ibid.*
[27] Limbagang Juan Fajardo, 1926.
[28] *Ibid.*, d. 20.

ibang bayan saka pagkatapos ay gawin binhing ipunla sa sarili nating lupa....[29]

Nakilala nga ni Augusto na may kamalian man tayo ay ano pa, kung ihahambing sa kamalian ng ibang bansa. Ang Amerikang sa ati'y umaalipin at nananagisag ng simulain ng pagkakapantaypantay ay isang bansang walang pinapanginoon kundi ang salapi, ang salapi.[30]

Sa pamamagitan ng isa pang tauhan, ni Mayo Enriquez, ay sinabi ni DAR ang ganito:

Ang uri ng dalagang Amerikana na ibig parisan ngayon ng dalagang pilipina ay siya ring uri ng mga dalagang ngayo'y pinagsisikapang iligtas ng mabubuting lipunan doon sa kanilang malubhang pagkapariwara. Ang dalagang amerikana'y sinasalantang totoo ng mga kabaguhang ipinasok ng panahon pagkatapos ng digma banggang sa makita nilang ang kanilang kapuriha'y humihilahod sa ibabaw ng lupa.... At saka ngayon ay ibig nating parisan ang mga babaeng ito?[31]

Kung may maghihinalang ito'y bunga ng kanyang pangingibang-bayan, isang paalaala: ang mga naturang akda ay naisulat niya bago pa siya ipinadala ng Pahayagang TVT sa Estados Unidos upang manatili roon mula Marso hanggang Setyembre, 1931.

Sa "Ang Magnununo," isang alamat na natuklasan niya at sinulat pagkatapos, ani DAR: "Ang nangyari tuloy sa atin ay pilipino nga ang ating mukha at balat ngunit taga kanluran naman ang kaluluwa."[32] Sa "Sursum Corda" naman, aniya:

Ang puso ng pilipino'y katulad ng punglo. Habang iniinis ay lalong nagaapoy. Habang pinupukpok ay lalong pumuputok. Ganyan ang paglulunggati natin sa kalayaan. Habang inilalayo sa atin ay lalo naman tayong lumalapit.[33]

Pati sa kanyang mga lathalaing mala-sanaysay ay naging matalim ang sandatang panistis ni DAR. Halimbawa, sa kanyang "Mga Rodolfo Valentino," binabatikos niya ang paggaya ng ating mga kabinataan noon kay Rodolfo Valentino, *lady-killer* sa mga pelikulang Amerikano. Aniya:

---

[29] *Ibid.*, d. 57.
[30] *Ibid.*, dd. 57-58.
[31] *Ibid.*, dd. 108-109.
[32] *Liwayway*, Pebrero 15, 1924.
[33] *Liwayway*, Marso 7, 1924.

Sa tulong ng baselinang nakalulugon ng inyong buhok ay pinipilit ninyong plantsahin ang inyong ulo. Pinipilit ninyong hatiin sa gitna at binubunutan pa ng buhok sa pinakabiyak. Hindi lamang iyan, sa pagtulad ninyo sa mga kilay na iginuguhit ng uling bago humarap sa kamera, ang ginagawa naman ninyo'y inaahit ninyo ang inyong kilay. Ang nagiging dulo tuloy ay nagiging matangbutiki kayo na walang kilay ang magagandang matang ipinagkaloob sa inyo ng kalikasan.[34]

At idinugtong pa rin niya ang pagkahilig noon (at lalo pa ngayon) ng ating mga kalalakihan sa mga sigarilyong Amerikano.

Sa akdang ito, si DAR ay gumamit ng sagisag ng *Rex*. Ang iba pa niyang sagisag-panulat ay *Delio, Dante A. Rossetti, Delfin A. Roxas, DAR, Angelus, Dario,* at *Rosalino.*

Noon pa man, gaya nang sa kasalukuyan, ang isa sa mga ugat ng mga suliraning pambansa ay ang uri ng edukasyon. Ani DAR tungkol dito:

Ipinalalagay ni Mayo na ang malabis na pagkaligaw ng kabataan ngayon ay dahil na rin sa kasalukuyang paraan ng pagpapaaral ng Kawanihan ng Pagtuturo....[35]

Ang tanikalang wala roon nguni't naroroon, na hangga ngayo'y bibihira pa ang nakakakita, ay hindi nakaligtás sa matalas na paninging panloob ni DAR. Isinábibig ni Mayo ang paninindigang ito ng may-akda:

Mabuti pa ang ipilit sa atin ang isang kapangyarihang ibig na mangalipin sa atin subali't ang tayo'y siyang kusang paalipin sa kaluluwa at sa paguugali, kailanma'y hindi matututong magbalikwas ang *ating sarili upang labanan ito sa hinaharap.*[36]

Si DAR na kabilang sa Cuarteto ng "Ilaw at Panitik" (ang tatlo pa'y sina Teodoro E. Gener, Cirio H. Panganiban at Jose Corazon de Jesus), ay isang tunay na makata. Ang katangian niyang ito'y madalas na, wika nga'y gumapang, sa kanyang mga kuwento. Halimbawa:

---

[34] *Liwayway,* Mayo 16, 1924.

[35] *Bulaklak ng Bagong Panahon* (Maynila: Limbagang Juan Fajardo, 1926), d. 112.

[36] *Ibid.,* d. 113.

Naulila ang kaniyang mga labi ng dating matamis na ngiti at walang iniwan ito sa lantang talulot ng isang bulaklak na pinagtampuhan ng halik ng hamog samantalang sa dalawa niyang mata'y masinsing ulap ng pighati ang nakatabing sa nagtatagong mga bituin ng pag-ibig.[37]

Ang katangiang ito ay lumutang sa "Ako'y Mayroong Isang Ibon"[38] at sa "Ang Manika ni Takeo",[39] mga kuwento niyang pag-uukulan ng bukod na pag-aaral sa mga susunod na dahon.

Sadyang hindi panay "katamisan at liwanag" ang matatagpuan sa panulat ni DAR, sa kabila ng romantisismo ng panahong kanyang kinabilangan. Naging matalas at matulis ang kanyang panulat sa pagtistis sa mga sakit ng lipunan at pamumuhay ng kanyang panahon. Bukod sa nabanggit nang pagtuligsa niya sa mga "nakapag-aral" at nakapaglakbay sa ibang bansa na ayaw nang gumamit ng sariling wika pagkatapos ("Ang Tagumpay ng Pag-ibig"), gayon din sa panggagaya ng ating kababaihan sa mga di-kanais-nais na makabagong paguugali ng kababaihan sa ibang bansa (*Bulaklak ng Bagong Panahon*), dinularot din niya ang ipokrisya ng mga tinatawag na "sibilisado" sa liwanag ng kapayakan ng kung tawagi'y mga taong-bundok. Ito'y namukod sa katauhan ni Keno Putereng, Igorot na galing sa Amerika, na sa halip pumili ng kapuwa niya "sibilisado" ay nag-asawa sa isang Igorota. Ani Keno:

Ang magiging kaisang puso ko ay may pinagaralan, hindi nga lamang sa paaralang ibang dios ang itinuturo... laki sa piling matanda sa nayon... itinurong lahat sa kanya ang mga alamat ng aming lahi... babaeng pinakamahusay humabi sa nayon... marunong makipagusap sa mga ibon.[40]

Hinagkis ni DAR ang mga "sibilisadong" taga-Maynila, ang mga alagad ng sining na dumadalo sa mga dulaan sa Nuweba York, ang mayayaman sa pasigan ng Palm Beach, sa Miami sa Florida at sa Los Angeles sa California. Ang sabi ni Keno:

. . . ang damit ng babae't lalaking kaparis din ng sa igorrote na harap lamang ang tinatakpan at ang isang bahagi'y nakatinda na sa

[37] "Ang Tagumpay ng Pag-ibig," *Liwayway*, Nobyembre 25, 1922.

[38] Alejandro G. Abadilla at Clodualdo del Mundo, *Mga Kuwentong Ginto* (Maynila: Cavite Publishing Company).

[39] *Sampagita*, Pebrero 3, 1932.

[40] "Pagbabalik sa Pinanggalingan," *Liwayway*, Abril 11, 1924.

mga mata ng tao. Ano ang ipinagkakaiba noon kung ang gumayak ng gayon ay taong bundok samantalang sila'y mga puti't taga malalaking siudad?[41]

Gayon din, sa simula'y ayaw kausapin ni Kaiw (ang Igorota) si Keno "sa pagaakala na siya'y sa maraming utusan ng puhunan na humanap ng mga mina sa kanilang lupain, na hindi lamang kayamanan nila ang sinisira kundi pati libingan ng kanilang mga ninuno na kanilang dinidios.[42]

### Impluwensiya ng Pamamahayag

Bukod sa pagiging manunulat ng maiikling katha, nobela, sanaysay at pitak sa *Photo News*, *Liwayway*, *Sampagita*, *Ang Mithi*, *Ang Democracia*, at *Lipang Kalabaw*, si DAR ay naging patnugot din ng *Taliba*. Siya rin ang nagpalabas ng tigalawang perang edisyon ng *Taliba*, bukod pa sa regular na labas nito, gawaing nagpahina ng kanyang katawan at humantong sa maaga niyang pagkamatay sa Pagamutan ng San Juan de Dios sa Maynila, noong Nobyembre 26, 1936. Ang kanyang pagkamamahayag ay pumasok sa dalawang paraan sa ilan niyang maiikling katha: una, sa paglalarawan niya ng kalagayan noon ng mga mamamahayag, at pangalawa, sa paggamit niya ng mga tunay na tao at pangyayari.

Ang kaawa-awang kalagayan ng mga mamamahayag ng kanyang panahon (kabaligtaran ng sa kasalukuyan) ay pinaksa ni DAR sa "Noche Buena ng Isang Reporter[43] at sa "Ang Unang Pasko sa Karalitaan." Sa unang kuwento, ang reporter na si Daniel ay hindi nakautang sa tanggapan ng pahayagang *Balita* na pamamaskuhan pa naman sana at gugugulin ng kanyang maybahay sa pagsisilang ng sanggol. Ngunit ang kuwento'y nagwakas nang masaya sapagkat ang nakabili at bagong may-ari ng pahayagan ay nagtungo sa bahay ni Daniel, ginawa siyang *City Editor* at nag-iwan ng paunang limandaang piso. Sa pangalawang katha, na ginamitan ni DAR ng mga pangalan ng mga totoong tao—ng kanyang mga kasamahan—aniya:

Sinasabing sa ibang lupain ay maginhawa ang buhay ng mga mamamahayag sa laki ng kanilang kinikita.... Kung hindi lamang magsisi-

[41] *Ibid.*

[42] *Ibid.*

[43] *Dalaga*, Disyembre 20, 1928.

nungaling ang sino man at ipagmamakahiya ang kanilang karalitaan wala nang may mahalagang kuwintas ng malungkot na pasko kundi ang mga periodista.... Magsabi kayo, mga kasama, kundi tunay ito.... [Si Alfredo Perez, *corrector de pruebas,* ay naalis sa 'Ilaw at Panitik']... sapagka't walang ibigay na hulog sa noo'y tagaingat-yamang si G. Teodoro E. Gener na balita sa kahigpitan sa pag-iingat ng salapi... Para kay Alfredo, sa kabila ng isang Pedro Gatmaitan o ng isang Jose Corazon de Jesus, si Cirio H. Panganiban, makata at abogadong may tula ng 'Three O'clock in the Morning' na nahayag sa *Liwayway* ay siyang guro niya at hari. Sa pagbigkas, kaunting lambing ni Gatmaitan, bahagyang arte ni Corazon, saka kapatak na apoy ng bigkas ni Collantes ang katangian ni Alfredo.... kung 'occupado' na si Nemesio Caravana at Domingo Raymundo o kaya'y si Amado Hernandez ay natatawag din siya upang tumanggap ng halos ay isang ikatlong bahagi ng 'pabuya' sa nasabing 'tatlong mosketero'.... Nagkukuwento rin siya. Subalit wala lamang sa kanya ang 'kalaliman' ng mga akda ni Gregorio C. Coching. Manapa'y napapansin sa kanya ang ilandang ng mga hagkis ni Ben Ruben saka ang mga kislap ng panulat ni Arsenio R. Afan... Kung Pasko, ang mga mamamahayag ay tumatanggap ng aginaldong hindi bumababa sa ikaapat na bahagi ng sahod sa isang buwan, nguni't sa bagong batayan: ₱2.50.[44]

Ang katha niyang "Automobil, Hatinggabi, Otel, Hukuman — Dahil kay Miami"[45] ay ginamitan din ni DAR ng mga tunay na tao at mga tunay na pangyayaring ibinandila ng mga pahayagan noon. Ang kuwento ay tungkol kay Miami, pangunahing artista ng Nifties ni Borromeo Lolu sa Sine Savoy, na ang tunay na pangalan ay Carmen Salvador. Itinakas siya ni Mariano del Rosario, kilala sa Maynila, nguni't tumangging pakasal sa kanya si Miami; sa halip, ay isinakdal ang lalaki. Pansinin ang sumusunod na paraan ng pagpapahayag tungkol sa *sex* o kasarian ng panahong yaon at ihambing sa kasalukuyan: "Si-Carmen Salvador ay pumayag na pasiyasat kay Dr. Sixto de los Angeles na nagsabing si Miami ay birhen at hindi nagagalaw ang 'membrana hymen!' "[46] Ang simula at ang wakas ay iisang pangungusap na patanong: "Ano kaya ang mangyayari kay Mariano del Rosario?"

---

[44] *Liwayway,* Disyembre, 20, 1929.

[45] *Liwayway,* Agosto 28, 1927.

[46] *Ibid.*

### Iba pang Katangian at Impluwensiya

Di-karaniwan nang panahong yaon ang ginamit na pamamaraan ni DAR sa "Ang mga Kuwento Nila"[47] — ang pagtatao (*personification*). Ito'y idinaan sa pag-uusap ng iba't ibang hiyas na nasa kabang bakal ng isang sanlaan. Ang isa'y naging tanda ng sumpaan sa pag-iibigan; ang isa'y inumit ng isang lalaki sa kanyang kabiyak upang ipagkaloob sa kanyang No. 2 — sa kabuuan, sa pag-uusap ng mga hiyas na ito ay lumitaw ang iba't ibang katangian, kahinaan at karanasan ng tao: pag-ibig, kataksilan, bisyo, pagsasalawahan, pagpapakasakit, kasawian. Ang pag-uusap nila ay nagtapos lamang nang buksan ng isang magnanakaw ang kabang bakal.

Ang "Mga Matang May Takipsilim"[48] ay hindi lamang pamagat ng isang maikling katha ni DAR; ito'y isa ring pahayag na paulit-ulit na ginamit niya upang ilarawan ang tauhang babae sa maraming akda. Bukod sa kuwentong may gayong pamagat, ang babaing "may takipsilim sa mata" ay nasa mga kuwento rin niyang "Nagbalik sa Kanluran"[49] at "Pagibig na Walang Maliw"[50], gayon din sa sanaysay niyang "Ang mga Babaing Inibig Ko."[51] Ipinakita sa amin ni Gng. Lydia Rosario Jones ang isang larawan ng kanyang nasirang inang si Gng. Redencion Roxas Rosario, magandang babaing "may takipsilim sa mata."

Ang ilang bisa ng mga pagbabasa ni DAR ay matatagpuan sa mga sumusunod: "Tumawa ka at makikitawa sa iyo ang daigdig; lumuha ka at magiisa ka lamang;" gayon din ang pagbanggit sa *La Dama de las Camelias* sa maikling katha niyang "Ang Sirang Manika"[52]; "Pygmalyon na gumawa ng manikang tinutugtugan ng koto" sa kuwento niyang "Ang Manika ni Takeo"[53]; at ang impluwensiya ni O. Henry — ang wakas na dinaasahan — sa kuwentong "Nagbalik sa Kanluran."[54]

---

[47] *Liwayway*, Enero 6, 1928.
[48] *Liwayway*, Enero 18, 1924.
[49] *Malaya*, Enero 23, 1946 (muling limbag).
[50] *Liwayway*, Marso 7, 1924.
[51] *Liwayway*, Disyembre 18, 1925.
[52] *Liwayway*, Hunio 12 1924.
[53] *Sampagita*, Pebrero 3, 1932.
[54] Malaya, *ed. cit.*

Ang kakayahan sa pananaliksik, pagmamasid at mabisang paglalarawan ay ipinakita niya sa lathalaing "Ang Yungib na Kristal"[55] nang iguhit ng kanyang panulat ang kasindak-sindak nguni't kahanga-hangang yungib na kristal sa taluktok ng Santo Tomas sa timog ng Baguio.

May masayang diwa at tonong personal ang kanyang sanaysay na "Ang mga Babaing Inibig Ko."[56] Isa raw taga-Centro Escolar ("ngayo'y maybahay na ng isang manggagamot") ang dumating sa pasulatan na dala na ang balutan ng damit, ngunit "noon ay maliit na totoo ang sahod ko na hindi ko pa masingil kaya hindi ako napanibulos sa gayon niyang hangad" . . . Tungkol sa isa pa, na taga-Kiyapo naman: "Gayon na lamang ang pagkabaliw ko sa babaeng ito na kung gabing maliwanag ang buwan, kahit ika 2:00 ng madaling araw, ay sinasadya ko ang tapatan sa kanilang bahay at natatagpuan kong nakadungaw na tila nalalamang ako'y daraan."

Matayog na kaisipan, malalim na damdamin at makatuturang pagbibigay-kahulugan ang matatagpuan sa isang sanaysay ni Delio (DAR) tungkol sa Lawin. Naririto ang isang bahagi:

> Pati sa mga hayop na may pakpak, ang simulain ng pagkakapantaypantay sa ibabaw ng lupa'y isang papel na punit at walang halaga. Tila sinadyang magkaroon ng maliliit at mahina upang mapagsamantalahan ng malalaki at malakas.
>
> . . . palibhasa'y malalapad ang kanyang pakpak at matitigas ang kanyang kuko, kung mamugad siya'y sa tuktok ng mga bundok at kung magliwaliw siya'y sa piling ng mga ulap.
>
> Naiingatan niya sa taluktok ng mga bundok ang ganitong tahanan ng mga engkantada na hindi sapitin ng tao. Siya lamang ang nagiging saksi sa magagandang alamat ng mga gubat at nakasisimsim ng tubig na lalong matamis sa malilinaw na batis sa mga yungib sa kaitaasan.
>
> Sa paglipad nama'y siya pa rin ang maaring makipaghalikan sa mga ulap. Natutunghan niya ang daigdig at naikukuwento niya sa mga bituin ang 'isang libo't isang hiwaga' sa ibabaw ng lupa.
>
> Hindi siya natatakot sa punglo ng manunudla, sapagka't madakip man siya'y mga kuko na rin niya ang iniuukit sa kanyang sugat upang

[55] *Liwayway*, Abril 25, 1924.
[56] *Liwayway*, Disyembre 18, 1925.

patuluyan nang mamatay. Maging sa pagkabihag ay asal-hari din siya, na ang ibig ay mamatay na agad kaysa mamalaging nakakulong at inaalipin ng ibang kapangyarihan.[57]

### Apat na Pangunahing Maiikling Katha

Sa palagay ng kasalukuyang nag-uulat, ang apat na pangunahing maiikling katha ni DAR ay ang "Ako'y Mayroong Isang Ibon," "Aloha," "Ang Manika ni Takeo" at "Walang Panginoon." Sa sumusunod na pag-aaral ay tinangkang sundin ang tatlong karaniwang gawain ng isang manunuri — pagrereaksiyon bilang indibidwal sa akda, pagbibigay-kahulugan sa mambabasa, at paghatol sa akda bilang likhang-sining. Sa mga gawaing ito, pinatnubayan ang kasalukuyang pag-aaral ng ilang paniniwala, halimbawa: ang popular ay di-laging mabuti o di-laging masama kung paanong ang *avant-garde* ay di-laging mataas-na-uri; ang sining na komersyal at ang paniwalang ang sining ay ukol lamang sa kapakanan ng sining ay kapuwa di-kanais-nais; ang sining ay bahagi ng buong balangkas na sosyal kaya't ang mga makabagong alagad ng sining na gaya nina Lawrence, Gide, Aragon, Dos Pasos, Eliot, atb., ay hindi lamang dalisay na alagad ng sining kung di mga propeta rin, palaisip, pilosopo, pulitiko, may mensahe[58]; at bagaman ipinalalagay na may magkahiwalay na daigdig at malaya sa isa't isa ang Sining at ang Moralidad, kapuwa ito napapaloob sa kaisahan ng tao na paksa ng Sining.[59]

### "Ako'y Mayroong Isang Ibon" [60]

Payak na payak ang maikling kathang ito na walang banghay, kabaligtaran ng mga kapanahong may masasalimuot na

[57] *Liwayway,* Enero 11, 1924.

[58] Christopher Caudwell, "D. H. Lawrence: A Study of the Bourgeois Artist," *The Critical Performance. An Anthology of American and British Literary Criticism of Our Century* (New York: Vintage Books, 1956), p. 161.

[59] Jacques Maritain, *The Responsibility of the Artist* (New York: Charles Scribner's Sons, 1960), p. 22.

[60] Pinakamahusay na maikling katha ng taong 1933 sa "Talaang Bughaw" ni Abadilla: kasama sa *Mga Kuwentong Ginto*—Abadilla at del Mundo, at sa *Ang Maikling Kuwentong Tagalog* (1886-1948)—Agoncillo.

pangyayari kung di man artipisyal. Sa maikling pagbubuod, ang kathang ito'y tungkol kay Neng, isang ibong mataas lumipad na napasakamay rin ng unang panauhang hindi makatiyak kung muling lilipad ang nahuling ibon. Sa kapayakan nito, marahil ang karaniwang mambabasa ay magtatanong ng ganito: "Kuwento ba ito? Bakit walang nangyari?"

Ito'y isang tuluyang-tula na umaakit sa damdamin at tumatangay sa mambabasa upang "maunawaan" at "matanggap" marahil (nang maluwag sa loob?) ang pangyayaring di-kombensiyal sa katha. Sa tulong ng pagkamakata ni DAR, ang tradisyunal ay napaging makabago niya; tradisyunal na, ayon nga kay Stephen Spender, ay hindi pagbabalik kung di panibagong pagbibigay-katuturan sa tradisyon. Ang mga patula at pagpapahayag, at ang pag-uulit-ulit sa mga ito, ay nagbigay sa katha ng tonong personal at pagkamaramdamin. Naririto ang ilang halimbawa:

. . . sa kanyang nilipad-lipad at niluksu-lukso sa mga sanga ng halaman ng buhay. . . .[61]

. . . nakikita kong si Neng, dung dumarapo man ay sa sanga ng lalong matataas na punung-kahoy, doon sa hindi abot-tanaw ng mga nasa-lupa, palibhasa'y nadadala siya ng malalabay niyang mga pakpak hanggang sa malapit na sa ulap upang makipagngitian yata sa mga bituin.[62]

Napakataas siyang lilipad. Hindi siya maaring abutin ng mga palaso ng aking mga buntung-hininga. Doon siya dumarapo sa mga ituktok ng mga punung-kahoy.[63]

Wala nga siyang iniwan sa isang ibong kung lumipad ay halos makipaghalikan sa mga bituin at kung dumapo ay sa ituktok ng matatayog na punung-kahoy, datapwa't ngayong siya ay may isang kulungan sa dakong kaliwa ng aking dibdib. . . .[64]

Hinihintay ko muna sanang magsawa na siya sa daigdig. Kung wala nang ilaw ang kanyang mga mata at maputla na ang kanyang mga labi ay saka ko siya susuyuin, at ang pagmamahal na tinipon ko sa aking dibdib nang matagal na panahon, walang iniwan sa punpon ng

---

[61] Agoncillo, *op. cit.*, d. 15.
[62] *Ibid.*, d. 16.
[63] *Ibid.*, d. 17.
[64] *Ibid.*, d. 20.

mga bulaklak na ihahandog ko sa kanyang yapak upang isa man lamang ngiti ay makapagpasungaw sa lanta niyang mga labi.[65]

Kung lalo na naman siyang gumanda, sumigla, at lumakas — sino ang makahuhula? Si Neng marahil ay lilipad na naman. Oo, lilipad sa malayo, sa bagong daigdig, sa bagong kabuhayan... at sa bagong pag-ibig.

Sa gayon ay makikita ninyo ang isang krus sa pitak niya sa aking dibdib ay mababasa ninyo ang ganito: *Dito nakalibing ang Bangkay ng Isang Dalisay na Pag-ibig.*[66]

Naging pihikan at maunawain ang pagtatalakay na ginawa ng may-akda sa katauhan ni Neng, "ang ibong mataas lumipad." Siya'y nagkagayon sapagkat naging biktima ng matapat at walang pag-iimbot niyang pag-ibig sa simula, na pagkatapos ay napalitan ng uri ng pag-ibig ng ibong palipad-lipad at paluksu-lukso "sa mga sanga ng halaman ng buhay."

Sadyang naging maingat, maunawain at masining ang paglalarawan ni DAR sa pag-iibigang di-kombensional ni Neng at ng unang panauhan. Aniya:

Mga pusong iisa ang tibukin, iisa ang inaawit at iisa ang pananalig, kung magkalapit pala ay walang iniwan din sa dalawang kaluluwang pinag-isa pinagbuhol at pinaglakip. Wala ngang *Wedding March* sa Lohengrin ni Wagner, subali't may tugtugin ang pagaspas ng hangin sa bukid na binagtas ng dalawang kaluluwa sa kaliwanagan ng buwan. Wala ngang singsing na nagbubuhol ng kanilang palad, datapwa't may tanikala naman ng pagmamahalang nagtatali at nagbubuhol sa kanilang mga damdamin.[67]

Ang sabi nga ni Agoncillo, may mga bagay na nagiging "malansa" sa kamay ng manunulat na walang kakayahan, ngunit dahil sa katimpian at kakayahan ni DAR, ang mga ganitong bagay ay nagiging maganda at kaakit-akit. Sa halip mandiri ang maselang na mambabasa, ito'y nakikiramay at, marahil ay humahanga kay Neng dahil sa pag-ibig nito sa pag-ibig at sa buhay.[68]

---

[65] *Ibid.*, d. 22.
[66] *Ibid.*, d. 24.
[67] *Ibid.*, dd. 22-23.
[68] *Ibid.*, d. 250.

Ang pagbabasa ni DAR ng mga babasahing banyaga ay pumasok sa ilan niyang mga akda, at dito'y kabilang ang "Ako'y Mayroong Isang Ibon." Halimbawa:

Hindi nababasa ni Neng ang buhay ni Eleanore Duse, subali't ang pag-ibig na nag-alab sa kanyang dibidib ay katulad din ng iniukol na pagsinta ni Duse kay Gabriel D'Annunzio. Hindi niya nakikilala si Sarah Bernhardt, datapwa't ang tumitibok sa kanyang puso ay ang tibuking iniukol ng dakilang artista kay Victor Hugo. Hindi siya si Margarita Gautier, subali't ang kanyang kaluluwa ay kaisang pangarap ng naging paraluman ni Armando Duval.[69]

Sa pinaka-Paunang Salita ng kauna-unahang katipunan ng maikling kathang Tagalog, sa "Puso-Diwa-Kaluluwa," ang sabi ng dalawang namatnugot na sina Abadilla at del Mundo:

Mapupuna rin ang pagkakasama ng dalawang maikling kathang halos ay mga tulang-tuluyan ("Ako'y Mayroong Isang Ibon," at "Takipsilim"). Sa dalawang ito'y ipinamamalas ang matulaing buhay sa gawing ito ng daigdig, na sagana din naman sa talalilungan ng buhay at hindi lamang batbat sa salamisim. Diyan din sa mga kuwentong iyan mapapansin ang kakayahan sa tula ng kuwentista sa wikang Tagalog na hindi katulad ng kanyang mga kapatid na sumusulat sa ibang wika.[70]

Hindi lamang sa kakayahan sa pagsulat ng ganitong tulang-tuluyan nauna si DAR, kahit sa mga manunulat na Pilipino sa Inggles. Nauna rin siya sa makabagong pamamaraan sa pagsulat ng maikling kathang walang banghay.

Ngunit ayon naman sa isang batang kritiko, ang "Ako'y Mayroong Isang Ibon" ay nagpatangay sa bugso ng madamdaming paggamit ng wika, kaya't ang bunga ay hindi maikling katha kung di tuwirang kumpisyon. Gayon din, ang pagkakalarawan diumano ng katauhan ay idinaan sa tuwirang paraang tila sanaysay.[71]

Sa kabuuan, ang "Ako'y Mayroong Isang Ibon", bagaman nagtataglay pa rin ng ilang kahinaan ng mga akdang kapanahon, ay tiyak namang nangibabaw sa mga yaon, sapagka't ki-

---

[69] *Ibid.*, d. 20.

[70] Abadilla at del Mundo, *loc. cit.*

[71] E. San Juan, Jr., "Panitikan: A Critical Introduction to Tagalog Literature," *Asian Studies,* Vol. IV, Number, 3 December, 1966 (Quezon City; Institute of Asian Studies), p. 425.

napalooban ng mga katangian ng pagkapihikan, pagkamaunawain at pagkamasining. Ito rin ang nagsimulang umiba ng landas sa kinamihasnang maikling kathang may-banghay (at masalimuot na banghay), humawan ng landas sa tuluyang-tula, at nagpatunay na sa kamay ng bihasang manunulat, ang tinatawag na di-kombensional, kahit ang sinasabing "malansa" ay napagiging sining.[72]

### Aloha

Ito ay tungkol sa paglalapit at pag-iisa ng Silangan at Kanluran sa tulong ng pag-ibig, sa tagumpay ng pag-iibigan ng dalawang nilikhang kabilang sa magkaibang kulay, sa kabila ng mahigpit na pagtangi-tangi ng mga lahi.

Si Noemi, Kanakang napangasawa ni Dan Merton na Amerikanong puti, ay pinilit ng milyonaryong ama ng huli, na humiwalay rito sa tulong ng iba't ibang paraan — mula sa "wild party" na magpapasuklam sa babae, hanggang sa alok na $25,000 — ngunit gaya nang nasabi na, ang pag-ibig ay siyang nagtagumpay.

Nagsimula ang maikling katha sa isang kasabihan ni Kipling.

> Maniwala ka sa kadalubhasaan ni Rudyard Kipling! Hindi ako naniniwala sa kasabihan niyang: 'Ang Silangan ay Silangan/Ang Kanluran ay Kanluran/Magkapatid silang/Magkalayo habang buhay![73]

Iyan ang sinabi ni Dan Merton, Amerikanong mamamahayag sa Honolulu sa unang panauhang tagapagsalaysay. Si Dan ay nagtapos sa Unibersidad ng Southern California at kabilang sa isang angkang milyonaryo sa Hollywood. Sa pagsisimula ng kuwento, sila ni Noemi, ang asawa niyang Kanaka, ay nag-

---

[72] Maikling katha ng taong 1932 sa "Talaang Bughaw" ni Abadilla; "kuwentong ginto ng taong 1933, ayon sa Kalipunan ng mga Kuwentista; kasama sa *50 Kuwentong Ginto ng 50 Batikang Kuwentista* ni P. Reyes, at sa *Ang Maikling Kathang Tagalog* nina Abadilla, Sebastian at Mariano.

[73] A. G. Abadilla, F. B. Sebastian at A. D. G. Mariano, *Ang Maikling Kathang Tagalog* (Manila: Committee on the National Language Textbook Preparation, 1954), d. 117.

balik na sa Haway mula sa Hollywood pagkatapos ng mga bigong pagpupunyagi ng amang milyonaryo na sila'y mapaghiwalay.

Ang mga batikos laban sa pagtatangi-tangi ng mga lahi ay inilagay ni DAR sa bibig ni Dan Merton. Aniya:

'Ang palagay ng mga taga-Kanluran ay binigyan sila ng maputing balat ng katalagahan upang maging panginoon ng mga Kayumangging sumilang sa Kasilanganan... hindi nabanggit sa mga aklat kong napag-aralan ang mga tagumpay sa panitikan ng isang Rabindranath Tagore at ng mga tagumpay sa karunungan ng mga dalubhasang Hapones na kinukusa nilang itago. Balang araw ay inaasahan kong isa namang Pilipino ang maririnig nating magwawagi kung di sa pulitika ay sa kahuhayang pandaigdig.'[74]

Naniniwala siya (si Dan Merton) hangga ngayon, na ang sangkatauhan ay sumasamba pa rin sa diyus-diyusan, hindi na lamang sa ayos-bakang pintakasi ng mga taga-Ehipto, kundi sa gintong sangkap sa katawan ng nasabing baka.[75]

Ang pagtuligsa naman sa "sibilisadong" pagsasaya ng mga kaibigan at panauhin ng milyonaryong Amerikanong puti sa Hollywood ay inilarawan sa ganitong paraan sa "Aloha":

Ang mga babaing panauhin ay halos wala nang mga damit, sapagka't nagkapunit-punit na ang kanilang kasuutan sa pakikipagbatakan sa mga lalaki. Ang mga lalaki naman ay kusa nang nag-aalis ng kasuutan nila at wala nang natitira sa katawan kundi ang kahuli-hulihang inaalis bago matulog.[76]

Naging makulay ang paglalarawan ni DAR sa "wild party" na inihandog ng ama ni Dan Merton upang kasuklaman ni Noemi ang buhay sa bayan ng mga puti at upang bumalik tuloy sa sariling bayan, sa Haway. Maliwanag at mabisa ang paglalarawan sa lasingan, sa apat na kilalang artistang "nagpupulupot" ng katawan kay Dan, pati na ang pag-aapoy ng damdamin ng mga lalaki nang maghula-hula si Noemi nang walang takip sa dibdib maliban sa makapal na lei, at magtangkang "dumumog" sa babae.

---

[74] *Ibid.*, d. 118.
[75] *Ibid.*, d. 129.
[76] *Ibid.*, d. 126.

Sadyang makatuturan ang paksa nito — ang suliranin ng mababang pagtingin ng puti sa may-kulay, sa maraming pook, sa mahabang panahon. Hindi iniwasan ni DAR ang suliranin nang ito'y hindi niya lutasin sa pamamagitan ng ama ni Dan Merton, ni sa Estados Unidos. Ang kalutasan ay ipinaloob niya sa paglayo ng magsing-ibig sa Estados Unidos, sa pagbabalik at tuluyang paninirahan nila sa bayan ng mga may-kulay, sa Haway.

Mayaman ang maikling kathang ito sa katutubong-kulay; mula sa unang tagpo sa pasigan ng Waikiki na kinaroroonan ng mga atletang Kanaka sa malalapad na dalig sa ibabaw ng malalaking alon, sa kanilang "pangangabayo" sa alon (*surf-riding*), hanggang sa pagbanggit sa iba't ibang pook sa Haway, gaya ng matayog na Pali, sa templo ng mga Mormon na may bughaw na tubig ukol sa mga binibinyagan, sa sayawan sa Kailuwa, sa Hilo, sa Molokai, sa kumukulong laba ng bulkan, sa buhanging tumatahol.

Ang himig, kaligiran at paninging ginamit ay nakatulong na lahat sa kakintalang iniiwan ng kathang ito. Ang matapat niyang paniniwala sa mensaheng ibig niyang iwan sa mambabasa ay nagbigay-taginting sa pangyayaring binigyan niya ng buhay.

Ang pagbibigay-katuturan sa katauhan sa gitna ng karanasang nagbubunyag sa sarili ay ginamit ni DAR sa mga tauhan sa kathang ito. Naging kapani-paniwala ang pagkakaakit ng puti't mayamang si Dan sa may-kulay na si Noemi sapagkat ang huli'y isang Kanakang may mataas na pinag-aralan. May kaisahan at di-pabagu-bago ang pagkakalarawan sa katauhan, lalo na ni Dan Merton, bagaman masasabing walang lalim, sapagkat ginawang tuwiran.

Tungkol sa pagkakapili ng "Aloha" bilang katha ng taon, ani Agoncillo:

> Ang kanyang kuwentong 'Aloha' ay pinagkalooban ng gintong agnos at sa ganito'y naging mangunguwento siya ng taon, na ang mahigpit na naging kaagaw sa karangalang yaon ay ang matalik din niyang kaibigang si Abogado Teodoro E. Gener . . . . Gayon na lamang higpit ng pagaagawan ng karangalan ng dalawang kuwento nila na muntik

nang mag-away sina Alejandro G. Abadilla, na siyang pumili ng 'Aloha' ni Deo bilang pinakamahusay na akda ng taon, at Clodualdo del Mundo, na siyang pumili ng 'Hindi Maari' ni TEG. Ngunit pinili ng Kalipunan ng mga Kuwentista ang akda ni Deo upang siyang pagkalooban ng gintong agnos. Naging lubhang akademiko ang balitaktakan nina Abadilla at del Mundo, datapwa, sa ganang palagay, ang 'Hindi Maaari' ang lalong nagtataglay ng mga katangian ng maikling kuwento. Ang 'Aloha' ay may pagkaartipisyal at may mga pangungusap na totoong mabulaklak.[77]

Samantala, ang "Aloha" ay inuring nobela sa halip na maikling katha sa isang lathalain ng Surian ng Wikang Pambansa. Ito'y isinama sa talaan ng 469 na nobelang Tagalog na nalimbag mula sa taong 1903 hanggang taong 1938, at kapiling ng iba pang mga nobela ni Deogracias A. Rosario na *Ang Geisha*, *Bulaklak ng Bagong Panahon*, at *Anak Ko*, at idinagdag na ito raw, ang "Aloha", ay may Paunang Salita ni Alejandro Abadilla at unang nalimbag sa Maynila ng Benipayo Press noong 1933.[78]

Sa kabuuan, bagaman sadyang makatuturan ang paksa ng "Aloha" sapagkat panghabang-panahon ang suliraning ito ng sangkatauhan — ang pagtangi-tangi ng mga lahi — naging lantad at nagkulang sa katimpian ang pamaraan kaya't naging mala-propaganda. (Kapansin-pansin na sa ating panahon sa kasalukuyan ay tila lumalaganap ang paniwalang walang saysay ang isang akda kung hindi ito nakasangkot sa rebolusyon — payapa man, madugo man, o "demokratiko" man — na kadalasan ay nagiging mala-propaganda. Ang sining bilang propaganda ay nahalo sa kilusang Marksista sapagkat di-sinasadyang umunlad nang magkasabay sa Rusya; ngunit ang layunin ng sining ay hindi upang magpropaganda.) Tuwiran ang mensahe sa "Aloha" na sa panahon natin ngayon ay lalong mapagiging mabisa kung pigil, pahiwatig at masining. Gayon din, ang reaksiyon ni Noemi at ang ginawa niya pagkatapos sa "wild party" ay naging melodramatiko. Sa kabila ng mga ito, kung susukatin ang akdang ito sa panahong yaong ang preokupasyon ng mga nakararaming akda ay pag-ibig, pag-ibig, at pag-ibig, ang

[77] Agoncillo, *op. cit.*, dd. 250-251.

[78] Inigo Ed. Regalado, *Ang Pagkaunlad ng Nobelang Tagalog* (Manila: Bureau of Printing—Publications of the Institute of National Language, Vol. IV, No. 8, 1939), d. 42.

"Aloha" ay tiyak na namumukod at nakatawag ng pansin at ng paghanga ng mga mulat na mambabasa.

"Ang Manika Ni Takeo" [79]

Ang pook, mga tauhan, mga pangyayari't kaugalian at kalutasan ng maikling kathang ito ay Hapon. Sa pamaraang pabalik ay isinalaysay ng unang panauhin, ni Takeo, kung paanong lumisan sa kanyang buhay si Nami, kung paano siyang gumawa ng manikang katulad ng naglahong kasintahan. Taun-taon, ang manikang ito ay pinatatanda ng kanyang mga daliri samantalang patuloy na inaaruga ng walang-kupas niyang pagmamahal. Pagkalipas ng marami't mahahabang mga taon, isang Samurai ang nagpagawa ng manika sa kilalang manggagawa ng mga manika, kay Takeo, sa kahilingan ng *musmee* ng Samurai. Ang *musmee* at ang manikang tauntao'y pinatanda at inaruga ng pagmamahal ni Takeo ay iisa. Naging maunawain ang Samurai, at ang *musmee* niyang si Nami na naging kanya mula sa isang bahay-aliwan sa Nagasaki dahil sa pagkakautang ng mga magulang nito, ay ibinalik niya kay Takeo.

Nang malathala ang maikling kathang ito ni DAR, ganito ang paliwanag sa ilalim ng pamagat: "Ang kuwentong ito ay siyang pinakamahusay sa mga sinulat ng may akda sa taong 1931, ayon sa ginawang pagsusuri."[80] Katalikuran ng dahon ang akda naman ni Amado V. Hernandez, ang "Wala nang Lunas" na pinakamagandang kuwento sa taong 1931, ayon sa paliwanag sa ilalim ng pamagat, at pagkatapos ay naging "kuwentong ginto" ng 1932. Kapuwa mga akda ni DAR ang mga napiling mga "kuwentong Ginto" sa panunod na taon, ni Clodualdo del Mundo sa kanyang "Parolang Ginto": "Ang Manika ni Takeo" sa taong 1933 at "Ang Dalagang Matanda" sa taong 1934.

Ang "Manika ni Takeo" ay isa sa pinakamahusay, kung di man siyang pinakamahusay, sa mga tuluyang-tula ni Deogra-

[79] *Sampagita*, Pebrero 3, 1932; pinakamahusay na maikling katha ng taong 1933 sa "Parolang Ginto" ni Clodualdo del Mundo.

[80] *Ibid.*, d. 30.

cias A. Rosario. Sa palagay ng kasalukuyang nag-uulat, nakahihigit ang kathang ito sa "Ako'y Mayroong Isang Ibon" kung ang katangian ng pagkamatulain ang pag-uusapan.

Naririto ang ilang halimbawa ng mga matulain niyang pagpapahayag:

(Simula ng katha): Huwag kayong maingay! Pakinggan ninyo! Naririnig ba ninyo? Paos na tinig ng isang 'koto'. Walang iniwan sa bahaw na tunog ng isang barimbaw na nakakabit sa malaking saranggolang nakikipaglaro sa hangin. Walang iniwan sa paos na tinig ng isang sawimpalad na sa pagkaratay sa banig ay tinatawag ng kanyang buntong-hininga ang kamatayan.[81]

(Tungkol kay Nami): Ah, hindi ninyo siya nakikilala! — ang may kahalong buntong-hininga ni Takeo. — Isang araw na palubog ang araw sa kanluran, siya'y sumakay lamang sa isang lunday ay hindi na nagbalik sa akin. Katulad ng araw na linulon ng mga bundok sa kanluran. Tila isang bulaklak na tinangay ng agos at hindi na ibinalik sa akin.[82]

(Tungkol sa pag-ibig niya): — Nami, nasa balintataw ka ng aking mga mata — ang pagtatapat ni Takeo, nasa aking bungang tulog ka gabigabi at nasa guniguni kita kung umaga. Itanong mo sa tubig na nagyayao't dito sa pasigan at sa ating dampa kundi lagi nilang naririnig ang pagtawag ko sa iyong pangalan? Itanong mo sa putong na niebe ng Fujiyama kundi nila naririnig ang pagdarasal kong maanong magbalik ka sa akin?[83]

(Pagwawakas ng katha, tinig ni Nami sa pag-awit): Na dito sa lupa'y/ Pagibig ay tulad/ ng tubig sa batis/ Na dito sa lupa'y/ kinuha ng langit,/ Sa tala't bituin/ matapos humalik/ Sa batis sa lupa'y/ muling nagbabalik.[84]

Mula sa paglalarawan ng kapaligiran hanggang sa paglalarawan ng katauhan, mula sa mga pangyayari at reaksiyon ng mga tauhan sa pangyayari hanggang sa himig ng buong katha, ang maikling kathang ito ni DAR ay masasabing isang halimbawa ng pananagumpay ng katutubong-kulay. Ang maselang at madamdaming paglalarawan sa pagtugtog ni Takeo ng kan-

---

[81] *Ibid.*, d. 30.
[82] *Ibid.*, dd. 30-31.
[83] *Ibid.*
[84] *Ibid.*, d. 36.

yang koto sa harap ng manikang kumakatawan sa naglahong si Nami, ang pagsisindi niya ng papel na mabango kung gabing maliwanag ang buwan habang tinutugtog niya ang koto, ang pagkagapos ng mga tauhan sa matandang tradisyon at kaugalian ng bayang pinangyarihan ng katha, at ang pakikiisa ng katauhan sa kabuuan ng lahat nang ito, ay humahantong sa isang masining at mabisang katha ng katutubong-kulay. Pati ang pagpapahayag na masasabing silangang-silangan ay nakatulong nang malaki.

Pambihira at kahanga-hanga ang pagkakalarawan sa katauhan ng pangunahing tauhang si Takeo, lalo na't ihahambing sa karaniwang paglalarawang-katauhan (o kawalan nito) ng karamihan sa mga akdang kapanahon. Ang mga reaksiyon niya sa mga pangyayari ang nagbunyag ng kanyang katauhan, katauhan ng isang alagad ng sining na pihikan, maramdamin, malungkot, nakatinakala sa tadhana, isang Pygmalyon na lumikha at nabihag ng kanyang Galatea.

Sa palagay ng kasalukuyang nag-uulat, "Ang Manika ni Takeo" ay hindi lamang siyang pinakamahusay na tuluyang-tula ni DAR kung di ito rin ang pinakamabuti niyang maikling katha ng katutubong-kulay. Ngunit matapat sa marami niyang mga kapanahon, ang katha ay nagwakas sa masayang pagkakaunawaan at "maligayang pagsasama magpakailanman" na taliwas sa tuntunin ng di-maiiwasan (*inevitability*). Lalong magiging mabisa at masining ang katha kung sinunod ang isang pagwawakas na hindi man maiibigan ng marami ay siya namang lalong makatwiran.

Ang "Ang Manika ni Takeo" ay halimbawa ng isang makapangyarihang akda na hindi maaaring basahin nang "walang mangyayari" sa bumabasa. Hindi ito maaaring basahin nang hindi matitinag ang bumabasa upang ang karanasang napapaloob sa akda ay maging bahagi niya, magsasangkot sa kanya upang "maranasan" ang kalungkutan at kabiguan ng tao na biktima ng mga kaugalian, pamumuhay at tradisyong nakaugat sa kanyang lahi.

"Walang Panginoon" [85]

Ang dalawang kritikong sina Alejandro G. Abadilla at Teodoro A. Agoncillo, sa pagtaya sa maiikling katha ni DAR na dapat mapasama sa kanilang mga katipunan, ay nagkaiba ng pasiya: kay Abadilla, ang pinakakarapat-dapat ay "Walang Panginoon"; kay Agoncillo, ang "Ako'y Mayroong Isang Ibon."

Sa paghihirap ng kalooban ni Marcos sa pakikinig sa animas mula sa simbahan ng kanilang bayan, nagsimula ang katha. Nagtataka ang ina ni Marcos kung bakit ayaw na ayaw mariringig ng anak ang animas gayong marami siyang dapat ipagdasal — ang ama, ang kapatid na panganay, ang kapatid na bunso, at si Anita — na pawang nagsipanaw na. Nang umagang yaon, tuwang-tuwa ang mag-ina sa mabuting kalagayan ng tanim nilang palay, nang walang anu-ano'y dumating ang utos ng hukumang nagpapaalis sa kanila. Sa paraang pabalik, ang kawing-kawing na pang-aapi ni Don Teong sa mag-anak ni Marcos ay nabunyag: ang lupang minana sa kanununuan ay biglang ipinasukat at pinabuwisan ni Don Teong; tumaas nang tumaas ang buwis at nagpasok ng "takipan" at "talinduwa" na nagpalaki nang nagpalaki sa utang ng mag-anak; namatay ang ama ni Marcos sa sama ng loob, gayon din ang mga kapatid ni Marcos sa labis na paglilingkod sa bahay ni Don Teong; ang pagkamatay ni Anita matapos saktan ng amang si Don Teong nang ito'y matutop na nakikipagtagpo sa katipang si Marcos; at ngayon'y ang pagpapaalis sa kanilang mag-ina ng hukuman. Bumili si Marcos ng mga kasuotang katulad na katulad ng kay Don Teong kung namamasyal itong huli sa bukid, at sa kasuotang ito ay hinahagupit ng binata at sinasaktan nang gayon na lamang ang minamahal niyang kalabaw. At isang hapon, nang mamasyal si Don Teong sa bukid, bigla na lamang siyang sinuwag ng dati'y ubod ng bait na kalabaw ni Marcos. Nagwakas ang katha sa muling pagtugtog ng animas mula sa simbahan ng kanilang bayan, na ngayo'y hindi na nakababahala sa binata.

Sa pagbasa sa kathang ito ay madaling magugunita si Kabesang Tales ni Rizal, sapagkat ang paksa nito'y ang dan-dantaong suliranin ng ating mga magsasaka. Wala na sa akdang

[85] Abadilla, Sebastian at Mariano, *loc. cit.*, dd. 84-107.

ito ang mga tauhan sa mga unang sinulat ni DAR — ang mga bohemyo, ang mga de-titulo, ang mga kabilang sa mataas na antas ng lipunan; dito'y sumangkot na siya sa masa at sa suliranin ng masa, sa mga sikil at biktima ng pamumuhay nə piyudal sa kanyang bayan. Pinaksa ng akdang ito ang walang-katapusang paghahanap ng tao sa katarungan, isang suliraning pandaigdig sapagkat panlahat ng pook at panlahat ng panahon. Ipinaloob din dito ang katotohanang ano mang tagal at kalalim ng pagtitiis, ito'y umaabot din sa hanggahan. Naririto ang sinasabing pagguhit ng partikular sa pandaigdig: ang kuwento ay minsan lamang nangyayari, ngunit ang tema ay paulit-ulit.[86]

Kakaiba sa ilang akda ni DAR at sa maraming kapanahon, ang "Walang Panginoon" ay mabilis sa pagkakalinang. Maagang naipasok ang suliranin na nasundan ng mumunting pangyayaring ang bawa't isa'y munting kasukdulang patungo sa kasunod na munting kasukdulan (ang kawing-kawing na pang-aapi), pataas nang pataas at paigting nang paigting hanggang sa dumating sa pinakamadulang sandali — sa kakalasan (*denouement*). Ang simula at wakas ng katha — ang pagtugtog ng animas — ay naging makapangyarihang pamaraan: sa simula'y sagisag ng kamatayan ng katarungan; sa katapusa'y sagisag ng kamatayan ng paninikil.

Naging maingat si DAR sa paglalarawan ng katauhan. Kakaiba sa karaniwan at malaganap na paglalarawan sa maralitang "basta't naglalakas-loob na umibig sa mayaman" (at naiibig naman agad), si Marcos ay nagpatuloy ng pag-aaral sa sariling pagsisikap sa pamamagitan ng walang-sawang pagbabasa ng lahat ng magasin, aklat at pahayagang magpapatalino sa kanya, gayon din, sa pag-anib sa mga samahang pambayan upang maging karapat-dapat sa anak na dalaga ni Don Teong. Kahit ang maingat at mahinahong paghahanda niya ng di-tuwirang paghihiganti ay nabubunyag ng katauhang di-karaniwan. Pati na rin ang kanyang sinabing, "Huwag ka pong ma-

[86] Walter Havighurst, *Masters of the Modern Short Story* (New York: Harcourt, Brace and Company, 1954), p. xi.

bahala, Inang, nalalaglag po ang dahon sa kanyang kapanahunan."[87]

. . . si Marcos, isang manggagawang hubog sa palihan ng bagong panahon, lumaki ang puso niya sa mga pagtitiis. Naging maluwag nga ang kanyang dibdib sa pagtanggap ng pangaapi ng may-lupa.[88]

Marahil, dahil sa paghanga ni Abadilla sa akdang ito ni DAR, ang "Walang Panginoon" ang ginamit niya bilang halimbawa ng maikling katha sa pagtuturo niya ng Pamamaraan; sinundan niya ng paliwanag ang baha-bahagi ng katha, pagkatapos ay iginawa ng balangkas na binuo ng mga sumusunod: Simula (simula ng simula; pagpapakilala ng kawing ng mga suliraning di-gaanong mahahalaga); Latawan (pagpapakilala ng pangunahing suliranin at simula ng tunggalian; unti-unting pag-akyat sa pamamagitan ng madudulang pangyayari; simula ng pagbalik sa nakaraan (*flashback*); mga pangyayari sa buhay at kasaysayan ng nakaraan ng pangunahing tauhan; simula ng muling pag-akyat sa bisa ng lalong madudulang pangyayari); Wakas (kasukdulan, kakalasan (*denouement*), wakas).[89]

Tungkol sa masayang pagsasama ng popularidad at sining kay DAR, ganito ang sabi ni Abadilla:

Si DAR ay isang ginoong mamamayan ng daigdig, wika nga, sapagka't samantalang naibibigay niya ang hilig at kapritso ng tinatawag na karaniwang mambabasa sa kanyang panahon ay hindi naman niya naitataboy sa labas ng bakuran ng sining ang ilang may maselang panlasa.... Katulad ni Jose Corazon de Jesus sa tula, si DAR, bilang mangangatha, ay isa nang mataas na ituktok sa tagiliran ng lalong mataas na ituktok ng kasalukuyan (1954) sa sining ng pagkatha.

Ang 'Walang Panginoon' ni DAR ay siya manding wastong katugunan kung bakit siya ang kinikilalang ama sa sining na ito ng maikling katha. Maliban sa bahagyang pagkamasalita, si DAR hangga ngayo'y nababasa pa at kinalulugdan pa rin ng marami, at ito'y pagkaraan ng humigit-kumulang sa dalawampung taon. Dapat malaman na si DAR ay sa panahong madaldal at matsismis nabuhay, panahong napagtagumpayan at nalibing nang di man lamang niya dinamdam. Bihirang manunulat ang maaaring mabuhay ng dalawampung taon at higit pa, sa panlasa ng mambabasang umuunlad.[90]

[87] Abadilla, Sebastian at Mariano, *op. cit.*, d. 98.
[88] *Ibid.*, d. 95.
[89] *Ibid.*, d. 104.
[90] *Ibid.*, dd. 105-106.

Sa pagsusuri ng kasalukuyang nag-uulat, sa maraming maiikling katha ni DAR, ang "Walang Paniginoon" ay namumukod at pangunahin — hindi lamang sa pagiging mahalaga't makatuturan ng paksa kung di sa mabisa't masining na pamamaraang ginamit. Ang pag-uulit ng pangyayari sa simula at sa wakas (ang pagtugtog ng animas), ang pigil at pahiwatig na paglinang sa mga hakbang na patungo sa di-tuwirang paghihiganti, at ang himig at tonong namayani sa buong akda ay nagkasama-sama sa mabisang pamamaraang naghatid sa kawakasang nagbunga ng nais ibunga, ng iisang kakintalan, ng iisa at buong katuturan ng akda.

Dito nagsama nang mabisa ang sinasabing dapat itanong tungkol sa bawat maikling katha: "Ito 'ba'y isang bahagi ng sining na pampanitikang ang pamamaraan at paksa ay napagisa upang magbunga ng isang makatuturang kabuuan?"[91]

Dito mararanasan ang pakiramdam na ang mambabasa ay tumutunghay sa isang pambihira at pangunahing akdang pampanitikan — madarama niya ang kapangyarihan nito at kapanabay nito, ang kasiyahan, ngunit kasiyahang mag-iiwan ng pagtatalo sa kanyang kalooban. Ang pagwawakas na kinapapalooban ng di-tuwirang paghihiganti ni Marcos kay Don Teong sa tulong ng kanyang kalabaw ay di ang hindi nagdudulot ng kasiyahan sa mambabasang sa simula pa'y nakiisa na sa pangunahing tauhan sa kanyang bigong paghahanap ng katarungan; ngunit sa ibigin niya't sa ayaw, magtatalo sa kanyang kalooban kung ang pagpatay na iyon kay Don Teong, kahit na di-tuwiran sapagkat idinaan sa tulong ng isang hayop, ay marapat at moral. Sapagkat sa kabila ng nasabi nang pagkakaiba ng mga daigdig ng Sining at Moralidad at ng kanilang mga kalayaan, di maikakait na hindi naman mapawawalang-saysay ng isa ang isa. Samantalang nakatuon ang Sining sa kabutihan ng akda at hindi ng tao, ang Moralidad nama'y nakatuon sa kabutihan ng tao, hindi ng akda. Hindi rin mapawawalang-saysay ng tao ang dalawang daigdig na ito ng Sining at Moralidad sapagkat kabilang siya sa dalawang daigdig — ang totoo, siya'y tao muna bago maging alagad ng sining, kaya't pumapangibabaw ang mo-

[91] K. L. Knickerbocker and Willard H. Reminger, *Interpreting Literature* (New York: Holt, Rinehart and Winston, 1955), p. 101.

ralidad.[92] Sa gayon, sa kabila ng paghanga ng mambabasa sa kapangyarihan ng "Walang Panginoon" bilang akdang-sining, siya'y maiiwang naliligalig sa pagiging marapat o moral kaya o hindi ng pangwakas na kalutasan. Kahit sa ganitong pangyayari lamang, walang pag-aalinlangang masasabi na ang "Walang Panginoon" ay sadyang makabago, sapagkat sa halip magiwan ng tiyak na kasagutan sa isang suliranin, ito'y nag-iiwan ng katanungang matagal na maghahanap ng liwanag sa budhi ng tao. O may kahinahunan at katiwasayan ang pagwawakas sapagkat "tila ba ang may-akda, bilang alagad ng sining, ay matagal nang nakababatid ng kabutihan at kasamaan at matagal na ring nakapili sa dalawang ito nang walang pag-aalinlangan"?[93]

Bilang pagbubuo, makikita sa nakararaming akdang tuluyan ni DAR, simula sa mga una niyang sinulat hanggang sa pinakamahuhusay niyang maiikling katha, na siya, katulad ng karaniwan, ay bunga ng kanyang panahon, nguni't di-katulad ng karaniwan, siya'y nagpumiglas at pumangibabaw sa kanyang kinamulatan upang humawan at magbukas ng bagong landas, upang lumikha ng bagong panahong higit na maunlad at higit na kapuri-puri.

Nagkakaisa ang iba't ibang kritiko na kung ano si Jose Corazon de Jesus sa panulaan ay gayon din si DAR sa maikling katha: kapuwa nila binago ang takbo ng mga sangay na ito mula sa tradisyunal, patungo sa maunlad at makabagong pagsasama ng mabisang pamamaraan at ng makatuturang nilalaman. Kaya't kung naibigay man ni DAR sa karaniwang mambabasa ng kanyang kapanahunan ang mga akdang naibigan nila, hindi rin naman siya pinawalang-saysay ng ilang mulat at may masining na panlasa. Katunayan, pinahalagahan ang mga pangunahin niyang maiikling katha, gaya ng "Ako'y Mayroong Isang Ibon," "Aloha,' "Ang Manika ni Takeo," "Walang Panginoon," bukod pa sa ilan niyang nobela at sanaysay na tinalakay sa unahan ng pag-aaral na ito.

Kung dahil lamang sa pagiging tagapamagitan niya sa panahong walang tiyak na anyo at walang tiyak na tinutungo ang

[92] Maritain, *op. cit.*, p. 41.

[93] John Crowe Ransom, "Criticism as Pure Speculation," *The Intent of the Critic* (New York: Bantam Books, 1966), p. 84.

maikling katha, huwag nang banggitin ang karaniwang kahungkagan ng paksa, at ng panahong sumunod, nang sa pamamagitan niya'y nagkaanyo at "nagkabuto't laman" ang sangay na ito ng panitikan, ay masasabing sadyang karapat-dapat si DAR sa taguring "Ama ng Maikling Kathang Tagalog."

Gayon din, bilang patnugot ng *Taliba,* ang liberal at bukas na kaisipan ni DAR ang nagbigay ng puwang sa mga kabataan, lalo na sa "Parolang Ginto" ni del Mundo at "Talaang Bughaw" ni Abadilla, mga unang panunuring pampanitikan sa sariling wika na nagluwal naman ng mapanghimagsik at maunlad na Samahang "Panitikan" pagkatapos. Kapansin-pansin na sa maraming akdang ayon sa mga taga—"Panitikan" ay mga basura kaya't sinunog nila sa kanilang papulong sa Liwasang Moriones sa Tundo noong ika-2 ng Marso, 1940, walang napasamang akda si DAR, gayong hindi nakaligtas ang ilang sinulat ng kanyang mga kapanahong sina Rosalia L. Aguinaldo, Lope K. Santos, Teodoro Virrey, atb.

Kung sa pagiging makabago, ang hahanapin kay DAR ng makabagong kritiko ng kasalukuyan ay ang kaibang sarili't radikal sa istilong kultural, ang uri ng panulat na "kubkob" ng kabalisahang moral at intelektuwal ng ating kapanahunan, yaong nagpupumiglas tungo sa mga makabagong anyo, bagong gamit ng wika at bago't iba't ibang antas at kulay ng damdamin, ang pagkatiwalag, ang diwang naghihimagsik at nihilistiko, ang mga akdang di-kombensiyonal gaya ng kina Albert Camus, Franz Kafka at Jean-Paul Sartre — sila'y mabibigo. Ngunit kung ang hahanapin sa mga yao'y ang pagpapanibagong-landas mula sa kinamihasnan, ang pagbibigay ng tiyak na anyo sa dating walang kaanyuan, ang pagpapasok ng mga makatuturang mensahe sa mga dati't dating romansa't pag-iibigan, ang pagsisimulang makisangkot sa mga suliraning panlipuna't pambayan, at ang pagtatangkang isangkot ang mambabasa sa tulong ng mabisang pamamaraan at makahulugang paksa — matatagpuan nila ang mga ito sa mga pangunahing akda ni DAR.

Nariyan ang kahalagahan at di-matitinag na kalagayan ni Deogracias A. Rosario sa panitikan ng ating bayan.